

# PROLOGUE

“Gusto kong mapag-isa. Ayoko na munang makarinig ng mga problema sa opisina at naririndi ako. Parang gusto ko nang sumabog. Sa araw-araw na lang ay ganito ang takbo ng buhay ko—mga pipirmahang papeles, taong kakausapin, empleyadong uutusan!” reklamo ni Corina. “Parang gusto ko nang magtago kung minsan.” Nakahiga siya sa kama habang nakatitig sa puting kisame ng kanyang silid.

“Ewan ko ’yo. Sa lahat ng taong nakita kong mayaman, parang ikaw pa ’tong hindi nasisiyahan,” sabi ni Laarni, kaibigan at personal assistant niya. “At saan mo naman balak magbakasyon?”

“I don’t know. Basta sa isang lugar na solong-solo ko. Walang hassle, walang problema, walang pressure at walang makulit na admirers.”

“Alam mo kung saan ’yang lugar na hinahanap mo?”

“Saan?”

“Sa sementeryo.”

Binato niya ito ng unan. Kahit kailan ay hindi

siya sineseryoso nito. “Luka-loka ka talaga. Kahit naman papaano’y masarap pa ring mabuhay. Bakit ko hahangaring mamahinga sa sementeryo?” natatawa na naiinis niyang sabi.

“Hindi nga. Talagang doon nababagay ang mga katulad mong bored na sa karangyaan. Tiyak na mananahimik ka d’on,” patuloy na pambubuska nito.

“Kapag hindi ka tumigil, ikaw ang dadalhin ko sa sementeryo,” banta niya rito.

---

Inihanda ni Corina ang lahat ng kailangan bago nagpaalam sa kaibigan. Sa Surigao del Norte niya napagpasyahang magtungo.

“Huwag mong kakalimutan ang mga habilin ko, ha?” paalala niya. Naroon sila sa kanyang private office.

“Yes, Ma’am,” pa-OA na tugon ni Laarni.

Hindi lang niya kaibigan ang babae, confidente at katiwala pa niya ito sa lahat ng kanyang mga negosyo. Malaki ang tiwala niya rito.

“Kapag may problema sa opisina’y tawagan mo lang ako sa cell phone o kaya’y i-beep mo sa akin.”

“Alam mo, ang mabuti pa kaya’y huwag ka nang magbakasyon sa Zaragoza. Aba’y parang ayaw mo namang iwanan sa akin ang pamamahala sa opisina, eh,” kunwa’y reklamo nito. “Kanina ka pa hinihintay ng helicopter mong maghahatid sa ’yo sa pupuntahan mo. Aba’y naubos na ang dalawang oras sa kakahabilin mo.”

“Ikaw talaga,” naiiling niyang sabi. “Inip na inip ka na yatang maging boss dito. Halos ipagtabuyan mo na ako, ah.”

“Obvious ba?”

“Sige, aalis na ako para ma-feel mo na kung paanong sumakit ang ulo sa dami ng problemang haharapin mo. Ikaw na muna ang bahala diyan.”

Natatawang isinuot na niya ang jacket na pula at tinungo ang pinto. Sumakay siya ng elevator papunta sa rooftop ng Salvador Building. Naroon ang kanyang private helicopter na maghahatid sa kanya sa Zaragoza. Doon muna siya titigil ng isang buwan. Parang treat na rin niya iyon sa sarili. Inaasahan niyang doon ay mawawala ang nadarama niyang pagkabagot sa kanyang buhay.

---

Hinapit ni Corina sa katawan ang jacket na suot.

Nakaramdam siya ng ginaw habang papaitaas na ang kanyang sinasakyan.

“Mga ilang minuto tayong lilipad bago makarating sa Zaragoza?” tanong niya sa piloto na si Brix. Pinsan ni Laarni ang binata at nakagaan na niya ito ng loob.

“Mga two hours lang at naroon na tayo sa Surigao,” tugon nitong ni hindi sumusulyap sa kanya.

Sumandal siya at ipinikit ang mga mata ngunit mayamaya lang ay muli siyang nagdilal. Sayang ang magagandang tanawin sa daranan nila kung tutulugan lang niya. Pagkakataon na niya iyon para maiba-iba ang kanyang nakikita. Hindi pulos matataas na building, mga sasakyang nagkakandabuhul-buhol sa traffic at mga taong nagmamadaling paroon at parito ang nasasaksihan niya sa araw-araw.

Napahugot siya ng malalim na hininga nang mamasdan ang kalupaan na naging luntian sa mga halaman at puno, mga ibong parang gustong sumabay sa taas ng lipad ng helicopter. Ang lahat ng iyon ay nagdudulot ng kaginhawahan sa kanyang pakiramdam.

“Kailan kita babalikan doon?” mayamaya ay pukaw ni Brix sa kanyang lumilipad na diwa.

“Every now and then ay tatawag ako sa opisina. Malalaman mo kay Laarni kung kailan mo ako babalikan. Huwag ka lang masyadong maglalalayo at baka may emergency na kailangan sa opisina’t kailangan mo akong sunduin sa Zaragoza.”

Tumango lang ang piloto.

---

“So, this is the famous *Bahay Turista*. Tahimik nga pala at malinis dito,” komento ni Corina habang bumababa ng helicopter. Lumibot ang paningin niya sa paligid.

“Welcome to Zaragoza, Miss Salvador. It’s our pleasure to have you here.” Mahigpit siyang kinamayan ni Mr. Capistrano, ang manager ng hotel na tutuluyan niya.

Aligaga ang lalaki sa pagsalubong sa kanya dahil kilala siya sa business community na kanyang kinabibilangan. At isang malaking karangalan para sa kanila na maging bisita sa *Bahay Turista* ang isang matagumpay na negosyante at magandang babaeng katulad niya.

---

Zaragoza at night is enchanting. Iyon ang

nasaisip ni Corina habang pinagmamasdan ang kapaligiran. Napahugot siya ng malalim na hininga at muling tinanaw from the balcony of the hotel, the fishing village that slumbers under an evening sky filled with stars. Ang mahinang paghampas ng mga alon sa dalampasigan ay parang musika sa kanyang pandinig.

The lure of the sea and the stars are proved strong to resist. Ayaw niyang hiwalayan ng tingin ang magandang tanawin na nakikita. Nakakabawas iyon sa mga bagay na parang nakadagan sa kanyang dibdib.

Nagbalik-tanaw siya sa nakaraan, nang eighteen years old lang siya. Agresibo siya noon—umiindak sa kahit na anumang tugtuging kanyang naririnig, pinupuntahan ang bawat lugar na magustuhan.

At kinukuha ang bawat maibigan. O pag-ibig nga ba ang itatawag niya sa nadama niya noon kay Dindo?

Siguro, naisip niya. At bakit naman niya ito aagawin sa nobya nitong si Leslie kung di dahil sa udyok ng isang makapangyarihang damdamin? At bakit din niya aakitin si Dindo, kakapalan ang mukha kung di nga niya ito iniibig?

*Ikaw Ang Ligaya - Jorina Reyes*

---

Fourth year Chemical Engineering student ang binata noon samantalang siya ay second year sa Commerce major in Accounting. Pareho sila ng pinapasukang universidad sa Maynila....

# 1

“Hayun na naman ang dalawang magsing-irog. Akala mo’y minatamis na kulang na lang ay langgamin.” Ininguso ni Lanie sina Dindo at Leslie na magkayakap sa ilalim ng lilim ng isang puno sa loob ng campus.

Tumaas lang ang kilay ni Corina kahit na may pumitik na selos sa kanyang puso. “So what?”

“Hindi ka ba naiinggit? Mas bagay kayo ni Dindo. Star player siya ng kanilang basketball team. Guwapo siya, matangkad at macho,” sulsol ni Amy.

“At ikaw naman ay maganda, seksi, matalino at mayaman pa,” dagdag ni Louella. “Samantalang si Leslie ay karaniwan lang ang mukha. Kung katawan ang pag-uusapan, aba’y wala siyang sinabi sa iyo.”

“Puwede ba?” kunwa’y pagtataray niya. “Wala akong panahon. He’s not my type.”

“Kasi’y hindi ka niya type?”

“Heh! Magtigil ka,” saway niya sa kabarkada.

“Sige nga, we dare you. Agawin mo si Dindo kay Leslie,” hamon ni Amy.



“At kapag tumanggi ka, ibig sabihin, wala kang tiwala sa sarili mo,” dugtong ni Louella.

Nagkibit-balikat lang ang dalaga. Ang totoo ay crush niya talaga si Dindo. At parang may nag-uudyok sa kanyang huwag nang palampasin ang pagkakataong mapasakanya ito.

---

Natagpuan ni Corina ang sariling lihim na minamatyagan si Dindo. Nagsigawan ang fans nito sa basketball nang naka-shoot na naman ito. May laban noon ang universidad nila sa isa pang eskuwelahan.

Parang slow motion sa kanyang paningin nang ipilig ng binata ang buhok upang alisin ang pawis na tumutulo sa mukha nito habang idini-dribble nito ang bola. Ang cute ng dating niyon sa kanya.

“Hoy! May pinagmamasdan ka, ano?” pukaw ni Lanie sa kanya.

“Ikaw talaga, kahit kailan, wrong timing!” sita niya rito. “Nakita mong mine-mental telepathy ko na nga iyong tao at nang malaman niyang may nagmamasid sa kanya sa bahaging ito ng mundo.”

“Talaga?” di-makapaniwalang bulalas nito. “You mean to say, papatulan mo na ang hamon namin sa

iyong?”

Tumango siya.

Namilog ang mga mata nito.

“Hey! Ano’ng balita at mukhang serious yata kayo?” tanong ng bagong dating na si Amy. Kasama nito si Louella.

“Alam ninyo kasi, may bago tayong mapag-lalaruan,” balita ni Lanie sa mga ito.

“At ano naman iyon?” duet na tanong ng dalawa.

“Si Dindo.”

“Bakit? Napaano na siya?” Sabay pang napatingin ang dalawa sa naglalarong binata.

“Payag na si Corina na agawin siya kay Leslie,” deklara ni Lanie.

“Talaga!”

“Ang OA n’yo naman. Lagi pa kayong duet kung sumagot,” pairap na sabi ni Lanie.

“Kasi naman, akala nami’y hindi na tayo papatulan ng babaeng iyan,” sabi ni Amy. “Akala nami’y kaya niyang lunukin ang katotohanang sapaw ang beauty niya kay Leslie.”

“Of course, hindi papayag si Corina nang ganoon. Isang malaking sampal sa kanya iyon,” panggagatong pa ni Lanie.

Minsan pang tinapunan ng sulyap ni Corina si Dindo. Tapos na ang basketball at nanalo ang koponan nila. Tinanghal na hero ang binata dahil ito ang gumawa ng pinakamaraming puntos sa team nito. Sinalubong ni Leslie ang nobyo at buong pagsuyong pinunasan ang pawis nito sa dalang malaking towel.

Parang may kumirot sa puso niya sa nakita. Dapat sana ay siya ang magpunas ng pawis ng binata, sabi niya sa sarili.

“Hi!” Nakangiting lumapit sa kanila si Melchor, isa sa makukulit niyang manliligaw. Kaklase rin nito si Dindo at kaibigan ng kanyang kuya.

“Ikaw pala,” matabang niyang tugon.

“Snacks tayo sa canteen? Treat ko kayo.”

“Sorry, busog pa kami.”

Tumahimik lang ang mga kabarkada niya. Alam ng mga itong hindi niya tipo ang manliligaw.

Pero talagang makulit ang lalaki. Naupo pa ito sa tabi niya. “Kung gayo’y mag-usap na lang tayo.”

Umiral ang kasupladahan ni Corina. Tumayo siya at iniwan ang napahiyang lalaki. Dagling sumunod sa kanya ang mga kaibigan.

---

“Hi! Puwede bang maki-share ng table?” Inilabas ni Corina ang pinakamatamis niyang ngiti. Tiniyak niyang maganda siya nang araw na iyon. Ang suot niya ay maikasing palda at sleeveless blouse na nagpapalitaw ng magandang hubog ng kanyang katawan.

Saglit na napatitig sa mukha niya si Dindo; pagkuwa’y napatingin ito sa loob ng library na tila naghahanap ng ibang silya na puwede niyang maupuan.

*Ang hudyong ito! At mukhang hihiyain pa ’ata ako, sa loob-loob niya.*

“Sure,” sa wakas ay sagot nito. “Pero diyan ka na lang sa isang chair. May hinihintay kasi akong kasama,” malamig na sabi nito at saka muling ibinaling ang pansin sa binabasang libro.

Gusto na niyang mag-walk out nang sandaling iyon. Never in her life na may bumale-wala sa kanya nang ganoon. Hindi pa nangyayari sa kanya ang hindi siya pinapansin ng lalaking nilalapitan niya.

Pinigil ni Corina ang urge na tumayo. Kilala naman si Dindo bilang tahimik na tao sa kanilang campus. Ipinagpalagay niyang nahihya lang itong batiin siya. Hindi siya naniniwalang hindi siya kilala nito. Siya ang sinasabihang campus beauty. Imposibleng hindi nito alam!

Binuklat-buklat niya ang sariling notebook, parang may hinahanap kahit na wala. Paraan niya iyon para makuha ang atensyon nito.

*Mukhang wa-epek.* “Ah, eh... este,” pagkuwa’y tikhim niya, “puwede bang makahiram ng calculator? Nakalimutan ko lang sa room namin ang akin.”

Muling tumingin sa kanya ang binata. Tila tinatantiya siya nito. Mayamaya ay kinuha nito ang calculator sa bag at walang kibong iniabot sa kanya.

“Thanks.” Ngumiti siya kahit ang totoo ay nangangapal na ang mukha niya sa hiya.

“Hi, Sweetheart!” masayang bati ng bagong dating na si Leslie sa binata. Walang pangiming humalik ito sa pisngi ni Dindo.

Iyon ang eksaktong nakita ni Corina nang magangat siya ng paningin. Pailalim siyang tinitigan ni Leslie na tila nase-sense nitong balak niya itong agawan ng nobyo.

“Ang tagal mo naman,” nagtatampong sabi ni Dindo sa nobya pero palihim itong sumulyap kay Corina.

Hindi iyon nakaligtas sa matalas na pakiramdam ng dalaga. At hindi niya alam kung bakit iyon ginawa ni Dindo. Ipinamumukha ba nito sa kanya na wala siyang pag-asa rito dahil ang buong atensyon nito ay para lang sa nobya?

*Pero hindi naman siguro, sabi niya sa isip. Guni-guni ko lang iyon. Wala naman siyang alam sa balak naming magkakaibigan.*

“Kasi nama’y ang heavy ng traffic at mahirap sumakay,” sagot ni Leslie sa nobyo. “Kung bakit naman kasi hindi mo ako sinundo.”

Nagkukukot ang kalooban niya sa naririnig na paglalambingan ng dalawa. Naisip niya, kapag nagtagumpay siyang makuha ang binata, ano kaya ang sasabihin ni Leslie sa kanya? Tiyak na aawayin siya nito; baka eskandaluhin pa siya. Kahit hindi niya gaanong kilala ang babae, ang tingin niya rito ay hindi basta-basta maagawan.

“O sige,” narinig niyang sabi ni Dindo sa nobya. “Promise, bukas ay susunduin na kita.”

“Talaga, ha? Hindi ako aalis ng bahay hangga’t

wala ka.”

“Oo.”

Nakagat niya nang mariin ang labi. Bakit siya nasasaktan? Ano ang karapatan niya?

“Okay, let’s go na,” yaya ni Leslie. “Baka nag-uumpisa na ang classes natin.”

Sabay na tumayo ang dalawa. Nakayuko si Corina kaya hindi niya nakita nang tapunan siya ni Leslie ng matalim na tingin.

Naiwang naiinis ang dalaga. Wrong timing ang paglapit niya kay Dindo. *May hinihintay pala ang gago*, sa loob-loob niya. Hindi pa man, parang gusto na niyang sumuko.

Bakit parang walang interes sa kanya ang binata? Hindi ba nito nakikita ang malaking pagkakaiba nila ni Leslie? Sa mukha na lang, di-hamak na maganda siya sa nobya nito.

Makinis na makinis ang kanyang mga pisngi na bahagyang namumula, manipis ang kanyang mga labi, ang mga mata niya ay tila nangungusap at ang ilong niya ay katamtaman ang tangos. Maraming nagsasabing perfect ten ang score niya kung katawan ang pag-uusapan. Sa kabuuan ay isa siyang kaibig-ibig

na dalaga kaya nga maraming lalaking naghahangad na sana ay mapansin niya.

Nabubugnot na tatayo na sana siya nang mapatingin sa hawak na calculator—calculator ni Dindo.

Napangiti si Corina. May dahilan pa siya para lapitan ang binata kapag nagkaroon siya ng pagkakataon.

---

“Hello! Remember me?” bungad na bati ni Corina kay Dindo. “Ako ’yung humiram sa iyo ng calculator kahapon. Umalis na kayo ng... girlfriend mo ’ata iyon kaya hindi ko naisauli sa iyo.”

Hindi siya papayag na hindi makausap ang binata at siniguro niyang hindi na darating ang istorbo. Natanaw niya si Leslie na pumasok sa next class nito at hindi nito kaklase sa subject na iyon ang nobyo.

“Ah, okay.” Napatango lang ito matapos abutin ang calculator sa kanya. Pagkuwa’y binalikan nito ang binabasang textbook.

“Ah... eh, excuse me. Fourth year ka na, di ba?” pangungulit niya.

Muli itong nagtaas ng tingin, luminga sa paligid



na parang tinitiyak na sila lang ang tao sa bahaging iyon ng canteen. “Yes. Bakit?” malamig nitong tanong.

“Ah... kasi’y itatanong ko sana sa iyo kung kaklase mo si Melchor, ’yung player din ng basketball?”

Lalong dumilim ang anyo ng binata. Ibinalik nito ang pansin sa hawak na libro. “Oo, bakit?” wala sa loob nitong tanong.

“Kasi’y kaibigan siya ng kuya ko at bihira na siyang magpunta sa amin,” nalilito niyang tugon.

“Bakit? Crush mo ba siya?” direkta nitong tanong at saka tumingin sa kanya.

“Hindi, ah!” mainit niyang tanggi. “Eh... kasi’y may hiniram siyang CD sa akin na hindi pa niya isinasauli. Pakisabi naman sa kanya na ipinakukuha ko na,” mabilis niyang sabi.

“Sige,” maikling tugon nito.

Dumaan ang katahimikan.

“May kailangan ka ba sa akin?” inis na tanong ng binata nang makitang naroon pa rin siya at nakatayo sa tapat ng mesa nito.

“Ha? Ah... eh, kasi’y ano... ah....” Hindi naman niya binalak na mautal. Kaya lang ay lumipad na sa

kanyang isip ang mga inensayo niyang sasabihin dito para humaba ang pag-uusap nila at mapukaw ang interes nito sa kanya.

“Mamaya kasi’y may exams pa ako at nagre-review ako ngayon. So, if you’ll excuse me....”

Para siyang sinampal. “S-sige, aalis na ako.”

Kulang na lang ay lumubog si Corina sa kinatatayuan. Dali-dali siyang tumalikod at iniwan ito.

## 2

“Ma’am, baka kayo lamigin dito. Malakas na ang hangin.”

Tinig ng isang babae ang pumutol sa pagbabalik-tanaw ni Corina. Nalingunan niya ang chambermaid na nakatoka sa kanyang silid.

“Natutuwa lang akong pagmasdan ang maliliit na kubo ng mga mangingisda,” sabi niya. “May ilawan sa loob ng kanilang bahay kaya para silang parol na maliliit mula rito.”

“Talagang maganda ang tanawin dito sa amin, Ma’am,” pagmamalaki ng babae. “Tiyak na mawiwili kayo dito sa Zaragoza. At lalo kayong hahanga kapag nakita pa ninyo ang ibang magagandang tanawin dito. Nandoon ’yung popular na rock formation, ang *Buenavista Cave*, *Hinituan Passage* at *Surigao Trademark Swamps*.”

“Talaga?”

“Oho. Bukas ho’y puwede kayong sumama sa guided tour na provided ng hotel,” pagbibigay-impormasyon nito. “Kasama na ho iyon sa binayaran ninyong package.”

“Sige, sasama ako,” excited niyang sabi. “Pakigising naman ako nang maaga. Anong oras ba ang alis?”

“Mga alas ocho ho ng umaga ang alis ng tourist bus, Ma’am.”

“Kung ganoo’y pakisabi sa front desk i-wake up call ako ng mga seven o’clock.”

“Yes, Ma’am,” sabi nito at saka na nagpaalam sa kanya.

Muli niyang tinapunan ng tingin ang magandang tanawin. Pagkatapos ay humugot siya ng malalim na hininga at pilit na inihakbang ang mga paa patungo sa kanyang kuwarto.

---

Nakasakay na sa bus ang mga turista, local at foreign. Bakante pa ang isang upuan sa likuran ng driver kaya roon umupo si Corina. Gumawi siya sa bintana para makita ang mga dinadaan nila.

“Ah, excuse me, Miss. I believe you have my seat,” narinig niyang sabi ng isang lalaking may baritonong tinig. Dahan-dahan niyang tiningala ang taong nakatayo sa kanyang harapan.

Hawak nito ang isang tila coupon. May nakalagay

doong 'number one' na siya ring numero ng inuupuan niyang lugar. Parang ipinangalandakan nito sa kanya ang numerong hawak.

Pero hindi iyon ang ikinabigla ni Corina kundi ang pangyayaring kilala niya ang lalaki.

“D-Dindo!” bulalas niya.

“Corina?”

Kung nabigla siya, lalo na ang binata. Sa ilang saglit ay napasadhan niya ng tingin ang kabuuan nito. Sa tingin niya ay mas tumangkad ito kaysa dati nitong taas na 5'10". Lalong lumapad ang pangangatawan nito na nakabakat sa signature shirt na suot nito. Sa tingin niya ay lalo itong naging simpatiko. Mamula-mula ang balat nito.

“Doon na lang ako sa likuran,” malamig nitong sabi. Nilamukos nito ang hawak na coupon.

Alam ni Corina ang ibig sabihin ng inakto nito. Galit pa rin ito sa kanya.

Nakagat niya nang mariin ang labi at muling itinutok ang paningin sa labas ng bus. Ayaw na niyang balikan ang karugtong ng kahapon ngunit tila naman tuksong bumabalik iyon sa kanyang alaala....

---

“Alam mo ba, Corina, kung ano ang nasagap ko?” minsan ay balita sa kanya ni Lanie.

“Ano na naman iyon?”

“Na kaya pala malapit sa isa’t isa sina Dindo at Leslie ay dahil magkaibigan ang pamilya nila. Ang mga daddy nila’y magkasosyo sa negosyo at ang gusto ng mga magulang nila’y sila ang magkatuluyan pagdating ng araw.”

“Ano naman ang pakialam ko doon?”

“Ang ibig sabihin noon, malaki ang chance mo na maagaw si Dindo dahil mababaw lang ang pagtingin niya kay Leslie. Malay mo, napipilitan lang ’yung taong pakisamahan ’yung babae.”

Mula nang ipahiya siya ni Dindo ay ayaw na niyang lumapit dito. At sinabi niya sa mga kabarkada na umuurong na siya sa kanilang pustahan. Pero sa narinig ay parang nabubuhay na muli ang interes niyang ituloy ang naunang plano na akitin ito.

Hindi niya akalaing pagkakataon mismo ang gagawa ng paraan para magkalapit sila ng binata.

---

Nanood ng sine sina Corina at Lanie nang araw na iyon. Ginabi sila nang husto dahil dalawang beses

nilang inulit ang pelikula.

“Tiyak na lagot ako kay Mommy!” nag-aalalang sabi ni Corina. “Ang paalam ko’y hanggang alas ocho lang ng gabi.” Palinga-linga siya ngunit tukso namang walang taxi na dumaraan.

“Ako rin, tiyak na mapapagalitan. Hanggang eight rin lang ang paalam ko sa amin.”

“Kinakabahan ako, Lanie, parang may masamang mangyayari.”

“Huwag ka ngang ganyan,” saway ito. “Basta’t maghanap na lang tayo ng taxi at nang makauwi na tayo.”

Naglakad-lakad sila. Nang buhat sa likuran nila ay may humagibis ng takbo, sabay hila sa bag ni Corina nang mapatapat sa kanila.

Nagsisigaw ang dalawang dalaga ngunit wala namang tao sa dako ng kinaroroonan nila.

Mula sa kanilang likuran ay narinig nila ang isang motorsiklo ang paparating. Hinabol nito ang snatcher na tumatakbo at nang abutan ito ay mahina itong binundol.

Napadapa ang snatcher pero muli itong bumangon at akmang tatakbo ulit. Bumaba ang naka-motorsiklo

at sinikmuraan ang magnanakaw kaya muli itong napaluhod. Eksaktong may dumaraang pulis kaya ipinaubaya na ng binata ang snatcher dito.

Nagulat si Corina nang matuklasan kung sino ang lakas-loob na humabol sa snatcher. Si Dindo.

“Here’s your bag,” sabi nito habang iniaabot iyon sa kanya. “Ano ang ginagawa n’yo rito sa ganitong oras ng gabi? Paano kung hindi lang snatcher ang makasalubong ninyo? Paano kung rapist?” Matalim ang pagkakatitig nito sa kanya.

“Salamat,” nakangiti niyang sabi. Para sa kanya ay bale-wala ang galit nito. Ang nagtutuming sa kanyang isipan ay ito ang nagligtas sa kanya. Isang hero ang tingin niya rito; isang lalaking malakas, matapang at maaasahan.

“Umuwi na kayo!” singhal nito. “Kababae ninyong tao’y nasa kalsada pa kayo.”

“Kaya nga kami hindi makauwi dahil wala kaming masakyan,” sabi kaagad ni Lanie at saka sumulyap sa motorsiklo ng binata.

Napakamot sa ulo si Dindo. “Anak ng tokwa, huwag ninyong sabihin na gagawin pa n’yo akong tagahatid?” Hindi nito malaman kung matatawa o maiinis. Sumulyap ito kay Corina.



“Tinulungan mo na kami, lubusin mo na. After all, we’re not exactly strangers. Iisa lang ang school na pinapasukan natin,” naglalambing niyang sabi. Hindi niya alam kung saan siya kumuha ng lakas ng loob na magpakita ng motibo sa binatang saksakan ng sungit.

“O sige, angkas na kayo,” parang naaasar pang sabi nito.

Hindi niya napilit si Lanie na sumakay sa may likuran ni Dindo kaya siya ang pumuwesto roon. At siyempre pa ay kailangan niyang ikapit sa baywang nito ang kanyang mga braso at idikit ang dibdib sa likod nito upang magkasya silang tatlo sa motorsiklo.

Mainit ang likod ni Dindo, damang-dama niya iyon. Malapad at matigas ang mga kalamnan nito, lalaking-lalaki ang amoy. Para siyang kinikiliti habang mahigpit na nakayakap dito.

---

“Bye, Lanie,” paalam ni Corina sa kaibigan. Ito ang una nilang inihatid dahil unang madadaanan ang bahay nito kaysa sa kanila.

“Bye,” kaway nito. “Dindo, thank you,” pagkuwa’y baling nito sa binata.

Kumikislap ang mga mata ni Lanie pero siya lang ang nakakabasa ng ibig ipakahulugan niyon. Alam niyang kinikilig ito para sa kanya.

“You’re welcome,” pormal na tugon ni Dindo bago pinaandar ulit ang motorsiklo.

May five minutes nang tumatakbo ang motorsiklo sa lansangan ay wala pa rin silang kibuan. Pakiramdam ni Corina ay mapapanisan na siya ng laway.

“Bakit galit ka sa akin?” nang hindi na makatiis ay tanong niya sa binata. Lalo niyang hinigpitan ang pagkakayakap sa baywang nito. Muling nabuhay ang pagnanais niyang maagaw ito kay Leslie.

Naalala niya ang pustahan nila nina Lanie. Hindi niya alam kung bakit pero hindi na iyon mahalaga sa kanya. Gusto niyang maangkin si Dindo dahil sa kakaibang damdamin na binuhay nito sa kanyang dibdib hindi dahil sa anupaman.

“At bakit ako magagalit sa iyo? Walang rason para gawin ko ’yon,” paangil nitong sagot.

“Kasi’y parang aloof ka sa akin,” sabi niya. “Hindi ako naniniwalang hindi mo ako kilala. Nakikita naman kita minsan na nakikipagbiruan sa girls sa school at sa fans mo sa basketball pero bakit ako, ni hindi mo magawang kausapin nang matino?”

“Dahil alam kong delikado para sa akin ang lumapit sa iyo.”

“A-ano’ng ibig mong sabihin?” takang tanong niya.

“Just forget I said anything, Corina.”

Binanggit din nito ang pangalan niya. *So, kilala nga niya ako*, sabi niya sa isip.

Nasisiyahang inihilig niya ang pisngi sa likod nito, ipinikit ang mga mata at tila nangangarap na napangiti. Ang sarap sa pakiramdam ang humimlay sa likod nito; kay lapad, kay tigas ng katawan nito at kay bango pa.

“Stop that, Corina! Hindi mo alam ang ginagawa mo sa akin,” pagalit nitong sabi.

“Ha! Ano ’ika mo?” Biglang napaangat ang kanyang mukha sa sinabi nito.

“I said, stop it! Heaven forbid! Huwag mong ihilig ang pisngi mo sa likod ko,” tila gigil nitong sabi. “Huwag kang masyadong dumikit sa katawan ko’t baka hindi ako makapagpigil.”

“What are you talking about?” Lalo siyang naguluhan.

Hindi na ito kumibo. Pinaharurot nito ang motor-bike sa direksyon na ibinigay niya rito.

Parang ayaw pang bumaba ni Corina nang nasa tapat na sila ng kanyang bahay pero alam niyang hindi puwede iyon.

“Salamat,” sabi na lang niya, hindi masalubong ang titig ni Dindo.

Bago siya nakalayo ay nahawakan nito ang kanyang braso. “Kung gagawin mo iyon sa ibang lalaki, hindi ka nakakatiyak na magpapakahinahon sila,” sabi nito.

“Ano’ng sinasabi mo?” maang niyang tanong. Naiwan pang nakaawang ang kanyang bibig dala ng labis na pagtataka.

“Dahil ako’y hindi malaman kung paano magpapakahinahon,” marahas na bulong nito at saka siya kinabig palapit, siniil ng mariing halik sa labi.

First kiss niya iyon, hindi maaaring kalimutan. Dahil ang halik na sumunod doon ay punung-puno na ng pait.

---

“Ladies and gentlemen, narito na tayo sa *Buenavista Cave*.”

Iyon ang pumukaw sa naiidlip at nangangarap na diwa ni Corina. Isa-isa nang nagbabaan sa bus ang mga turista at balikbayan.

Parang nangangalog ang tuhod niya sa isiping naroon lang sa malapit sa kanya si Dindo.

“Limestone deposits mark the entrance of this cave,” panimula ng tourist guide nila na isang sexy at magandang babae. “The cave has three entrances. Inside, you’ll find beautiful and unique rock formations. The cave also has a natural, knee-deep pool.”

Humahanga ang mga kasamang turista ng dalaga. Bawat isa ay panay ang kuha ng litrato sa limestones na bumabalot sa bunganga ng yungib.

Kung alam lang ni Corina makakadama siya ng ganoong klaseng pagkaasiwa, iyong pakiramdam na tila may nanlilisik na mga mata na nagmamasid sa kanya mula sa likuran, hindi na sana siya sumama sa guided tour. O baka mas dapat na hindi na lamang siya sa Surigao nagbakasyon.

Madilim sa loob ng kuweba. May mga guide sa bungad ng pinto na may mga dalang sulo at sumama ang mga iyon sa kanila. Pero dahil baku-bako ang loob ng kuweba, nagkakadupi-dupilas siya.

“Watch out! Kapag nadupilas ka diyan, mababangas ang maganda mong mukha.” Isang malaking kamay ang sumalo sa kanya sa minsang pagkalingat niya sa nakausling bato.

At kahit bahagyang madilim sa dako nila dahil ang tatlong guide na may dala ng sulo ay nasa unahan na, nakilala pa rin niya si Dindo.

“S-salamat.”

Tinalikuran na niya ito at sumunod sa mga nauunang kasamahan.

“Baka madapa ka na naman sa pagmamadali mo. Hindi naman kita kakainin,” pahabol na sabi nito.

Bahagyang napabagal ang paghakbang niya. Tama ba ang nahiging niya sa tono nito na parang gusto nitong magbiro? Nalimot na kaya nito ang kanyang kasalanan?